



Karahasan sa Pamamahay at Pamilya

Sa Australya, hindi tanggap ang karahasan sa pamamahay at pamilya.

Mga krimeng labag sa batas ang karahasan sa pamamahay at pamilya.

Ang taong gagawa ng mga krimeng ito ay maaaring makulong, lalaki man o babae pa sila.

Kung ikaw o isang kakilala mo ay nanganganib, tawagan ang pulisya sa **000**.
Ligtas at mapagkakatiwalaan ang pulisya sa Australya.

Para sa libre at kumpidensyal na payo at suporta, tawagan ang 1800 RESPECT
sa **1800 737 732**.

Kung kailangan mo ng libreng interpreter, tawagan ang **131 450**.

Hindi kinukunsinti ng Pamahalaang Australyano (Australian Government) ang karahasan sa pamamahay at pamilya anuman ang sirkumstansiya.

Kabilang sa karahasan sa pamamahay at pamilya ang ugali o mga bantang hangad na pang-ibabawan ang isang lalaki o babaeng katuwang sa pamamagitan ng pananakot o pagbabanta sa kaligtasan nila. Maaaring kabilang sa karahasan sa pamamahay at pamilya ang:

- pananakit;
- pagsakal;
- pagkakait ng kinakailangang pera sa pamilya o katuwang;
- paglayo ng katuwang sa mga kaibigan at pamilya;
- pang-iinsulto o palagiang pamumuna sa katuwang; at
- pagbabanta sa mga bata o alagang-hayop.

May parehong mga karapatan ang kababaihan gaya ng sa kalalakihan.

Pantay ang pagtrato ng mga batas Australyano sa kababaihan at kalalakihan.

May karapatang mamuhay ang bawat isa nang malaya sa karahasan, sa isang masayang pag-uugnayan at komunidad.

Hindi dapat tanggapin ng kababaihan ang masamang pagtrato o masaktan.

Mayroong mga sensitibo sa kulturang serbisyo sa Australya na maaaring makatulong.

Ang **1800 RESPECT** ang Pambansang Serbisyo sa Pagpapayo sa Sekswal na Pag-atake, Karahasan sa Pamamahay at Pamilya sa Australya (Australia's National Sexual Assault, Family and Domestic Violence Counselling service). Nagbibigay ito ng libre, kumpidensyal na pagpapayo at impormasyon sa telepono at online. Pakikinggan ka ng mga tagapayo, sasagutin ang katanungan mo at maaaring isangguni ka sa iba pang mga serbisyong suporta sa lokal na lugar mo.

Tawagan ang **1800 737 732** o puntahan ang website ng 1800 RESPECT **www.1800RESPECT.org.au**.

Kailangan mo ba ng interpreter?

Tawagan ang **Serbisyo sa Pagsasalang-wika at Interpreting (Translating and Interpreting Service) (TIS)** nang libre sa **131 450**. Makatutulong ang TIS para maiugnay ka sa iba pang mga serbisyo. Ang TIS ay hindi nagbibigay ng payo.